



Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California

Papel ng Katotohanan: Mga Hayop na Pang-serbisyo sa mga Negosyo at Pampublikong Lugar

Abril 2018, Lat. #F114.08-Tagalog

Panimula

Ipinagbabawal ng Titulo II ng Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA, Americans with Disability Act) (42 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) mga Seksyon 12131-12165) ang diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan ng mga “pampublikong entidad.” Ipinagbabawal ng Titulo III (42 U.S.C. mga Seksyon 12181-12189) ang diskriminasyon laban sa kapansanan ng mga “pampublikong panuluyan.” Ang mga pampublikong entidad ay mga lugar na pinapatakbo ng isang pang-estado o lokal na pamahalaan, tulad ng mga gusali ng pamahalaan, pampublikong transportasyon at pampublikong liwasan, at tinutukoy dito bilang mga “pampublikong lugar.” Ang mga pampublikong panuluyan ay mga lugar ng negosyo na bukas sa publiko, tulad ng mga restoran, hotel, sinehan, tindahan, medikal na tanggapan at mga ospital, at tinutukoy dito bilang mga “negosyo.” Ang Batas na Unruh (Unruh Act) ng California (Kodigo Sibili (Civil Code) mga Seksyon 51-51.2), Batas sa mga Taong may Kapansanan (Disabled Persons Act) (Kodigo Sibil mga Seksyon 54-55.32) at Kodigo ng Pamahalaan (Government Code) Seksyon 11135 (para sa mga programang pinapatakbo ng estado o mga negosyo na tumatanggap ng tulong pinansiyal sa estado) ay nagbibigay ng katulad na mga proteksyon.

Nagbibigay ng katulad na mga proteksyon ang Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 (Rehabilitation Act of 1973) para sa mga pederal na ahensiya tulad ng Mga Serbisyo ng Koreo ng Estados Unidos (U.S. Postal Services), at para sa pang-estado at lokal na mga programa ng

pamahalaan at pribadong mga organisasyon kabilang ang mga paaralan at unibersidad na tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal. Ang pagbayahe sa eroplano ay pinamamahalaan ng sarili nitong mga regulasyon, na tinatalakay sa ibaba.

Ang mga taong may kapansanan ay walang karapatan na magdala ng mga hayop na pang-emosyunal na suporta sa mga negosyo at pampublikong lugar. Ang karapatang ito ay naaangkop lamang sa mga hayop na pang-serbisyo. Samakatuwid, kung ikaw ay humihiling ng access sa mga lugar na ito, mahalagang malaman kung ang iyong hayop ay kwalipikado bilang isang hayop na pang-serbisyo.

Mga Karapatan sa mga Hayop na Pang-serbisyo sa mga Negosyo at Pampublikong lugar

A. Ano ang Hayop na Pang-serbisyo?

Ang “hayop na pang-serbisyo” ay isang aso na indibidwal na sinanay upang magsagawa ng trabaho at mga tungkulin kung saan makikinabang ang isang taong may kapansanan, kabilang ang pisikal, pandama, saykayatriko, intelektwal, o iba pang uri ng pangkaisipan na kapansanan. Bagama’t ang pakahulugan na ito ay limitado sa mga aso, itinakda ng mga pederal na regulasyon na ang mga maliliit na kabayo ay dapat pahintulutan bilang mga hayop na pang-serbisyo sa mga negosyo at pampublikong lugar kung sila ay indibidwal na sinanay upang makinabang ang isang indibidwal na may kapansanan at maaaring makatuwiran na tanggapin. Ang isang hayop ay hindi hayop na pang-serbisyo kung nakikinabang ang indibidwal na may kapansanan sa kanyang presensya lamang.

Kabilang sa ilang mga halimbawa ng mga tungkulin na isinasagawa ng mga hayop na pang-serbisyo ay ang: pagsindi ng mga ilaw, pagpulot ng mga bagay, pagbigay ng estabilidad, pagpapalakas ng pandamdang at terapiya gamit ang malalim na presyon para sa tagahawak. Kung ang udyok ay hindi isang sadyang kautusan mula sa tagahawak, ang pagkilala at tugon ng aso ay ang trabaho ng aso na pang-serbisyo . Kabilang sa mga halimbawa ng trabaho ng aso na pang-serbisyo ay (ngunit hindi limitado sa) pagpipigil o paghihinto ng pabigla-bigla o mapaminsalang mga pag-uugali, pagpapaalala sa indibidwal na uminom ng gamot, at pag-alis sa natatarantang indibidwal mula sa mapanganib na mga sitwasyon. Walang tiyak na legal na kinakailangan sa dami o uri ng trabaho na dapat gawin ng hayop na pang-serbisyo para sa pakinabang ng taong may kapansanan.

B. Paano Ko Maipapakita na ang Aking Aso ay Isang Hayop na Pang-serbisyo?

Ang tanging kinakailangan upang maging hayop na pang-serbisyo ay ang indibidwal na pagsanay ng aso upang makinabang ang taong may kapansanan. Maaaring sanayin ang hayop na pang-serbisyo ng isang propesyunal, kaibigan, o miyembro ng pamilya, o taong may kapansanan. Sa ilalim ng ADA, ang aso na pang-serbisyo ay hindi kinakailangan na maging rehistrado bilang isang aso na pang-serbisyo, o magsuot ng espesyal na etiketa o tsaleko na nagpapakila sa kanya bilang isang hayop na pang-serbisyo. Itinakda ng batas ng California para sa mga lokal na kagawaran ng pangangasiwa ng hayop na maglabas ng mga etiketa ng pagkakakilanlan sa mga taong gumagamit at nagsasanay ng mga hayop na pang-serbisyo. Gayunpaman, maliban kung ang aso ay isang hayop na pang-serbisyo na sinasanay, ang mga etiketa ay hindi kinakailangan at hindi nagtatatag na ang hayop ay isang hayop na pang-serbisyo sa ilalim ng batas.

Maliban kung may dahilan upang paniwalaan na ang hayop ay magdudulot ng banta sa kalusugan o kaligtasan, ang negosyo o opisyal ng pamahalaan ay maaari lamang magtanong ng dalawang tanong upang matukoy kung ang hayop ay kwalipikado bilang isang hayop na pang-serbisyo: 1) Kinakailangan ba ang hayop dahil sa kapansanan ng tagahawak?; at 2) Anong trabaho o tungkulin sinanay ang hayop na isagawa? Sa ilalim ng batas sa California, ang pagsisinungaling na ang aso ay sinanay na hayop na pang-serbisyo ay isang maliit na paglabag sa batas na maaaring parusahan ng hanggang anim na buwan na pagkakulong at/o hanggang \$1,000 na multa (Kodigo ng Parusa (Penal Code) Seksyon 365.7(a)).

C. Kailan Maaaring Tanggihan ng Access ang Aking Hayop na Pang-serbisyo sa Negosyo o Pampublikong Lugar?

Ang mga negosyo at pampublikong lugar ay hindi kinakailangan na magpahintulot ng access sa mga hayop na pang-serbisyo na nagdudulot ng banta sa iba, wala sa ilalim ng pangangalaga at pangangasiwa ng tagahawak, o makabuluhang baguhin ang uri ng mga kalakal, serbisyo o programa na ibinibiay ng negosyo o entidad ng pamahalaan.

Ang “direktang banta” ay isang makabuluhang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng iba na hindi maaaring matanggal sa pamamagitan ng pagbabago ng mga patakaran, kasanayan, o pamamaraan, o pagbibigay ng mga pantulong o serbisyo. Halimbawa, ang asong nangangagat nang

hindi ginagalit ay maaaring magdulot ng direktang banta. Sa pagtukoy kung ang direktang banta ay umiiral, ang entidad ay dapat gumawa ng:

isinariling pagtatasa, batay sa makatuwirang pagpasiya na umaasa sa kasalukuyang medikal na kaalaman o sa pinakamahusay na walang kinikilingang katibayan na magagagamit, upang matiyak: Ang uri, haba, at kalubhaan ng panganib; Ang posibilidad na ang potensyal na pinsala ay talagang mangyayari; at kung ang makatuwirang mga kaluwagan sa mga patakaran, kasanayan, o pamamaraan o ang pagbibigay ng mga pantulong o serbisyo ay mababawasan ang panganib.

Ang hindi pagsama ng hayop na pang-serbisyo batay sa direktang banta ay dapat batay sa aktwal na pag-uugali ng partikular na hayop, hindi sa mga pagpapalagay o estereotipo tungkol sa kung paano ang aso, o ang lahi ng hayop, ay maaaring kumilos.

Ang hayop na pang-serbisyo ay dapat laging nasa ilalim ng pangangalaga at pangangasiwa ng tagahawak nito, o sa isang taong itinalaga ng tagahawak. Ang taong may kapansanan ay maaaring hilingin na alisin ang kaniyang hayop na pang-serbisyo mula sa lugar kung ang hayop ay hindi makontrol at ang tagahawak ng hayop ay hindi gumagawa ng epektibong kilos upang pigilan ito, o kung ang hayop ay hindi sinanay na dumumi sa tamang lugar. Ang responsibilidad na pangasiwaan at pangalagaan ang hayop na pang-serbisyo ay hindi napupunta sa negosyo o entidad ng pamahalaan na nagbibigay ng access.

Karaniwan, ang hayop ng pang-serbisyo ay dapat may guwarnisyon, tali o ibang panuga. Gayunpaman, kung ang tagahawak ay hindi makakagamit ng guwarnisyon, tali o ibang panuga dahil sa kapansanan, o kung ang paggamit ng panuga ay makahahadlang sa kaligtasan ng hayop na pang-serbisyo, epektibong pagganap ng trabaho o mga tungkulin, ang tagahawak ay maaaring gumamit ng ibang paraan upang pigilin ang hayop.

Maaari ring hindi papasukin sa mga negosyo at gusali ng pamahalaan ang hayop na pang-serbisyo kung ang pagpapapasok dito ay mahalagang babaguhin ang uri ng mga kalakal, serbisyo o programa na iniaalok ng lokasyon. Halimbawa: maaaring ipagbawal ng isang zoo ang mga pang-serbisyong hayop sa mga lugar kung saan ang mga hayop na nakatanghal ay mga natural na pagkain o natural na kinakain ng mga aso, o kung saan ang presensiya ng aso ay makakagambala sa mga hayop na nakatanghal.

D. Maaari Ko Bang Dalhin ang Aking Hayop na Pang-serbisyo Kasama Ko sa Ospital?

Ang mga ospital at ibang mga pasilidad ng pangangalaga ng kalusugan ay itinuturing na tulad ng ibang mga negosyo at pampublikong lugar para sa mga layunin ng access ng hayop na pang-serbisyo. Ang mga hayop na pang-serbisyo ay dapat pahintulutan sa ospital kung saan ang mga kawani ng pangangalaga sa kalusugan, mga pasyente at bisita ay pinahihintulutan na pumunta. Kabilang dito ang mga silid ng pasyente at ibang mga pampublikong lugar sa mga yunit ng kalusugan sa isip para sa nananatiling pasyente at hindi nananatiling pasyente, kabilang ang mga nakakandadong pasilidad ng kalusugan sa isip. Ang mga pasyente ay dapat kayang pangalagaan ang hayop, o dapat magsaayos para pangalagaan ng isang tao ang hayop kung kinakailangan. Ang mga hayop na pang-serbisyo ay maaaring hindi isama sa mga lugar ng ospital na may limitadong access na nagsasagawa ng mga karaniwang hakbang sa pangangasiwa ng impeksyon, tulad ng mga silid sa pag-opera at mga yunit ng paso. Tulad ng ibang mga negosyo at lugar ng pamahalaan, kapag ang mga kawani ng pangangalaga sa kalusugan ay hindi tiyak kung ang hayop ay isang hayop na pang-serbisyo, maaari nilang tanungin ang tagahawak kung ang hayop na pang-serbisyo ay kinakailangan dahil sa kapansanan, ngunit hindi maaaring mangailangan ng sertipikasyon o ibang dokumento ng katayuan ng hayop na pang-serbisyo.

E. Maaari Ko bang Dalhin ang Aking Hayop na Pang-serbisyo sa Eroplano?

Ang pagbabahe sa eroplano ay pinangangasiwaan ng pederal na Batas sa Access sa Sasakyang Pang-himpapawid (ACAA, Air Carrier Access Act) (49 U.S.C. Seksyon 41705) at ang mga nagpapatupad na regulasyon nito 14 Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) Seksyon 382.117). Hindi katulad ng ADA, pinahihintulutan ng ACAA ang mga taong may kapansanan na magdala ng parehong mga hayop na pang-serbisyo at pang-emosyunal na suporta sa mga eroplano. Gayunpaman, naiiba rin ang ACAA mula sa ADA sa pagturing sa mga hayop na pang-saykayatriko na serbisyo na katulad sa mga hayop na pang-emosyunal na suporta, sa halip na katulad sa mga hayop na pang-serbisyo para sa mga taong may pisikal na kapansanan.

Upang italaga na ang hayop ay isang hayop na pang-serbisyo para sa pasaherong may pisikal na kapansanan, ang mga regulasyon sa ACAA ay nag-aatas sa mga kumpanya ng eroplano na tumanggap ng “mga kard sa pagkakakilanlan, ibang nakasulat na dokumentasyon, paggamit ng mga guwarnisyon, etiketa, o mapaniniwalaang berbal na kasiguruhan ng isang kwalipikadong indibidwal na may kapansanan na gumagamit ng hayop.” Sa kabilang banda, ang mga pasaherong gustong dalhin ang hayop na

pang-saykayatrikong serbisyo o hayop na pang-emosyunal na suporta sa byahe sa eroplano ay kinakailangan na magpakita ng tala na wala pang isang taon na pinirmahan ng isang lisensyadong propesyunal sa kalusugan ng isip na nagsasaad na siya ay mayroong kinikilalang saykayatrikong kapansanan na nangangailangan ng paggamit ng hayop na pang-emosyunal na suporta o pang-saykayatrikong serbisyo. Marahil dahil ang pagturing sa mga hayop na pang-saykayatrikong serbisyo na katulad sa mga hayop na pang-emosyunal na suporta sa halip na katulad sa ibang mga hayop na pang-serbisyo ay maaaring hindi naaayon sa ADA, pinapataw ng isang pamamatnubay ng Kagawaran ng Transportasyon (DOT, Department of Transportation) ng Estados Unidos noong 2003 ang kinakailangan ng ACAA para sa karagdagang dokumentasyon sa mga hayop na pang-emosyunal na suporta lamang (<http://airconsumer.ost.dot.gov/rules/20030509.doc>).

Ayon sa pamamatnubay ng DOT noong 2003, sa ilalim ng ACAA, anumang uri ng hayop ay maaaring tanggapin bilang hayop na pang-serbisyo o pang-emosyunal na suporta, maliban sa ilang “hindi karaniwang” mga hayop na pang-serbisyo tulad ng mga ahas, ibang reptilya, ferret, daga at gagamba. Para sa ibang mga hayop, kabilang ang “hindi karaniwan o galing sa ibang bansa” na mga hayop na pinapakita bilang mga hayop na pang-serbisyo (hal., mga maliliit na kabayo, baboy, unggoy), dapat tukuyin ng mga kumpanya ng eroplano kung anumang mga salik ay naghahadlang sa kanilang pagbyahe sa cabin bilang mga hayop na pang-serbisyo (hal., kung ang hayop ay masyadong malaki o mabigat upang tanggapin sa cabin, kung ang hayop ay magdudulot ng direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba, kung ito ay magdudulot ng makabuluhang pagkagambala ng serbisyo sa cabin, kung pipigilan ito sa pagpasok sa isang banyagang bansa na destinasyon ng paglipad)” bago tanggihan ang access. Tinutukoy ng pamamatnubay ng DOT na para sa pagbyahe sa himpapawid, ang hayop na pang-serbisyo o pang-emosyunal na suporta ay “tanging responsibilidad ng pasahero na may kapansanan na sinasamahan ng hayop.”

Ang mga hayop na pang-serbisyo na sinasanay ay hindi saklaw sa ilalim ng mga regulasyon ng ACAA. Gayunpaman, nagpapahintulot ang ilang mga kumpanya ng eroplano sa mga kwalipikadong tagapagsanay na pasakayin ang mga hayop na pang-serbisyo sa eroplano para sa mga layunin ng pagsasanay.

F. Maaari bang Maningil ng Bayad ang mga Negosyo o Entidad ng Pamahalaan para sa Access ng Hayop na Pang-serbisyo?

Ang isang negosyo o entidad ng pamahalaan ay hindi maaaring mangailangan sa isang taong may kapansanan na bayaran ang deposito o dagdag na singil upang masamahan ng isang hayop na pang-serbisyo, kahit pa ito ang kanilang patakaran para sa mga alagang hayop. Kung ang isang pampublikong panuluyan o pampublikong entidad ay karaniwang sinisingil ang mga panauhin nito para sa pinsalang idinulot sa lugar, maaaring singilin ang may-ari ng hayop na pang-serbisyo para sa naturang mga pinsala.

G. Maaari Ko Bang Dalhin ang Aking Hayop na Pang-serbisyo na Sinasanay sa Isang Negosyo o Pampublikong Lugar?

Ang mga hayop na sinasanay ay hindi saklaw sa ilalim ng ADA. Gayunpaman, pinapahintulutan ng Batas ng mga Taong May Kapansanan ng California ang mga taong may kapansanan, at mga indibidwal na sinasanay ang mga hayop na pang-serbisyo na dalhin ang aso sa anumang pampublikong lugar para sa layunin ng pagsasanay ng aso na magbigay ng serbisyo kaugnay sa kapansanan. Kabilang dito ang mga negosyo, pampubliko at pribadong transportasyon, tirahan, at ibang mga lugar kung saan inaanyayahan ang karaniwang publiko. Ang aso ay dapat may tali, at laging suot ang ibinigay ng county na etiketa na kumikilala sa aso bilang hayop na pang-serbisyo o pantulong na hayop na sinasanay. Ang tagahawak ng aso ay responsable para sa anumang pinsala na gawin ng aso sa lugar o pasilidad.

Mga Pagdaing at Paghahabla

Kung ikaw ay naniniwala na ikaw ay hindi wastong diniskrimina dahil sa iyong hayop na pang-serbisyo ng isang negosyo o pampublikong entidad, maaari kang magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Hustisya (DOJ, Department of Justice) Kung ang reklamo ay laban sa pamahalaan o isang pribadong entidad na tumatanggap ng pederal na pagpopondo, sa gayon ang reklamo ay dapat matanggap sa loob ng 180 araw ng insidente ng pagdiskrimina (kung kailan nangyari ang problema). Walang huling araw para sa pagsampa ng reklamo sa ilalim ng ADA laban sa isang negosyo na hindi tumatanggap ng pederal na pagpopondo, ngunit pinakamainam na magsampa ng reklamo sa lalong madaling panahon. Ang karagdagang impormasyon kung paano magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Hustisya ay maaaring makita sa https://www.ada.gov/filing_complaint.htm, o sa pamamagitan ng Linya ng Impormasyon ng ADA (ADA Information Line) sa (800) 514-0301 (boses); (800) 514-0383 TTY).

Maaari ka ring magsampa ng administratibong reklamo para asa anumang uri ng diskriminasyon laban sa kapansanan na kinasasangkutan ng iyong aso na pang-serbisyo o hayop na pang-emosyunal na suporta sa ilalim ng batas ng California sa Kagawaran ng Makatarungang Trabaho at Pabahay (DFEH, Department of Fair Employment and Housing) sa loob ng isang taon mula sa huling petsa ng diskriminasyon. Ang karagdagang impormasyon sa kung paano magsampa ng reklamo sa DFEH ay makikita sa <https://www.dfeh.ca.gov/filing-a-complaint-online/> o sa pagtawag sa (800) 884-1684 (boses) o (800) 700-2320 (TTY).

Ang pormularyo ng Kagawarang ng Transportasyon ng Estados Unidos para sa pagsampa ng mga reklamo kaugnay sa kapansanan sa mga sasakyang pang-himpapawid ay makikita sa:

<http://www.dot.gov/airconsumer/file-consumer-complaint>.

Bilang kahalili o dagdag sa pagsampa ng reklamo sa DOJ o DFEH, maaari kang magsampa ng kaso sa pang-estado o pederal na korte para sa kautusan at pahayag sa kaluwagan sa ilalim ng pederal at pang-estado na batas. Ang mga danyos na pera ay maaaring magamit sa ilalim ng batas ng estado, kabilang ang pinakamababang danyos ayon sa batas na \$4,000 sa bawat insidente ng diskriminasyon. Kodigong Sibil §52. Ang mga kaso ay dapat isampa sa loob ng dalawang taon matapos ng insidente ng diskriminasyon.

Kung ikaw ay naghahangad ng mas mababa sa \$10,000 na halaga ng danyos, ang isa pang opsyon ay magsampa ng kaso ng diskriminasyon sa Korte ng Maliliit na Paghahabol (Small Claims Court). Ang mga kautusan sa mga limitasyon na itinalakay sa itaas ay naaangkop. Hindi ka maaaring gumamit ng abogado kung ikaw ay pupunta sa Korte ng Maliliit na Paghahabol. Narito ang link sa isang paglalathala ng Disability Rights California na nagpapaliwanag sa proseso ng paggamit ng Maliliit na Paghahabol (Small Claims) para sa mga kaso ng diskriminasyon:

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/520601.pdf>.

Dagdag pa, inaatas ng Batas sa Paghahabol ng mga Maling Gawain ng Pamahalaan (Government Tort Claims Act) na ang paghahabol sa maling gawain ng pamahalaan ay isampa sa loob ng anim na buwan ng insidente sa diskriminasyon bago dalhin ang kaso para sa halaga ng danyos laban sa isang estado o lokal na entidad ng pamahalaan. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga paghahabol sa mga maling gawain ay makikita sa <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/522901.htm>. Mangyaring tandaan na ang website na ito ay naglalaman ng pormularyo para sa mga

paghahabol laban sa estado o ahensiya o empleyado ng estado, na maaaring hindi naaangkop sa iyong kaso. Ang ibang mga pampublikong entidad ay maaaring mayroong sarili nilang pormularyo sa paghahabol laban sa mga maling gawain sa kanilang website. Kung interesado kang ituloy ang kaso, dapat kang komunsulta sa isang abogado sa lalong madaling panahon.

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA). Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.